LEVEL 1

# Leveled Reader
## in Filipino
# Ang mga Mabituing Hiling ni Palaka





Isinulat ni Sheesh Pal


Iginuhit ni Proiti Roy



Gusto ni Palaka na pagmasdan ang mga bituin. Gusto niyang tumalon at hawakan ang mga ito. Isang gabi, naging desidido siyang hawakan ang mga bituin.




Umakyat siya sa malaking bato, at sinubukang abutin ang mga ito. Ngunit hindi niya maabot ang mga ito. Napakalayo ng mga bituin!




Pagkatapos, nakakita siya ng burol.
Inakyat niya ito. Inunat niya ang kaniyang mga kamay ngunit hindi pa rin niya maabot ang mga bituin.



Nakita ng palaka ang isang puno ng niyog malapit sa kaniya. Napakataas nito. Naisip niya na ito na ang sagot sa kaniyang nais.



Sinimulan niya ang
pag-akyat sa puno.
Sobra siyang nahirapan
sa pag-akyat dito.



Inunat niya ang
kaniyang mga kamay...
...pero di pa rin niya
maabot ang mga bituin.



Nanlumo siya. Tiningnan niya ang ibaba.
Tumalon ang kaniyang puso sa takot.



Inilagay niya ang kaniyang kamay sa dibdib at sinabi sa sarili, “Di ako matatakot. Kaya ko ’to!”



Pagkatapos, nakita
niya ang lawa.
Kumikislap ang mga
bituin sa tubig.



Pinagmasdan niya ang mga bituin at nagalak siya. Tumalon siya sa tubig.



Habang papalapit siya sa lawa, tila papalapit na rin siya sa mga bituin.



*Plok!* Sumisid siya sa tubig.



Umahon siya at umupo
sa gilid ng lawa.



Naupo siya at
pinagmasdan ang
mga bituing kumikislap
sa lawa.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation